



Ano ang cancer?

What is cancer? – Tagalog



Every cancer. Every life.®

Ang cancer ay nakakaapekto sa 1 sa 2 kalalakihan at 1 sa 3 kababaihan sa Estados Unidos. May tsansang ikaw o ang isang taong kilala mo ay naapektuhan ng cancer.

Nagsisimula ang cancer kapag mayroong mga pagbabago sa mga bahagi ng selula ng isang indibidwal (mga gene). Kung ang mga pagbabagong ito ay nauwi sa cancer, maaaring hindi mapigilan ang pagdami ng selula at tabunan ang mga normal na selula. Maaari ring kumalat ang mga cancer na selula mula sa kung saan nagsimula ang mga ito patungo sa iba pang mga bahagi ng katawan.

Kailan maaaring magsimula ang cancer?

Maaaring magsimula ang cancer sa anumang bahagi ng katawan. Kabilang dito ang mga organ, kalamnan, buto, at dugo. Ang cancer ay pinangalanan para sa bahagi ng katawan o uri ng selula kung saan ito nagsisimula. Halimbawa, ang cancer na nagsisimula sa suso ay tinatawag na cancer sa suso. Kahit kumalat ito sa ibang mga bahagi ng katawan, tinatawag pa rin itong cancer sa suso.

Kapag ang cancer ay kumalat at lumaki

Ang mga cancer na selula ay maaaring kumalat paminsan-minsan sa ibang mga bahagi ng katawan (metastasis). Maaaring mauwi ang mga ito sa mga lymph node o iba pang mga organ ng katawan, na magdudulot ng mga problema sa kung paano gumagana ang katawan.

May ilang uri ng cancer na mabilis lumaki. Ang iba ay maaaring lumaki nang mas mabagal. Ang ilan ay mas malamang na kumalat sa ibang mga bahagi ng katawan. Ang iba ay may tendensiyang manatili kung saan nagsimula ang mga ito.

Ano ang tumor?

Ang tumor ay isang umbok o bukol na binubuo ng maraming selula. Ang ilang tumor ay cancer (malignant), ngunit may mga maraming tumor na hindi cancer (benign).

Ang ilang cancer ay dulot ng mga pagbabago sa mga blood cell at hindi nagdudulot ng mga tumor. Ang mga ito ay mga cancer na tulad ng leukemia, myeloma, at lymphoma.

Ano ang nagdudulot ng cancer?

Mayroong maraming salik ng panganib para sa cancer. Ang iyong panganib para sa cancer ay maaaring mapaigting ng:

- Ilang gawi sa paraan ng pamumuhay
- Mga pagbabago sa gene na nakukuha mo mula sa iyong mga magulang (namamana)
- Nahahantad sa trabaho, tahanan, o labas sa mga bagay na maaaring magdulot ng cancer

Talahuluganan

Narito ang ilang salitang maaaring marinig mo mula sa iyong cancer care team.

Benign: Hindi cancer ang mga tumor

Mga biomarker: Mga bahagi ng ilang cancer na selula na maaaring magamit upang pumili ng pinakamahusay na paggamot, tingnan para malaman kung gumagana ang paggamot, at obserbahan para makita kung bumalik ang cancer. Ang mga ito ay tinatawag ding mga tumor marker.

Stage ng cancer: Ang laki ng cancer at kung kumalat ito mula sa kung saan ito nagsimula

Treatment plan para sa cancer: Balangkas ng mga paggamot na makukuha mo, kailan mo makukuha ang mga ito, at kung gaano katagal malamang na tumagal ang paggamot

Mga gene: Mga bahagi ng selula na nagsasabi sa mga ito kung kailan lalaki, mahahati, at kikiilos. Nakukuha mo ang iyong mga gene mula sa iyong mga magulang.

Mga lymph node: Maliit na estruktura na sumasala sa likidong nasa katawan. Binibitag ng mga ito ang mga bagay na tulad ng mga cancer na selula at impeksyon. Ang mga immune na selula sa mga lymph node ay tinutulungan ang katawan na labanan ang mga impeksyon at cancer.

Malignant: Mga tumor na cancer

Metastasis: Kapag kumalat ang cancer mula sa isang bahagi ng katawan patungo sa isa pa

Mga salik ng panganib: Isang bagay na nagpapalaki ng tsansang makakuha ng cancer

Mga screening na pagsusuri: Mga pagsusuring isinasagawa upang hanapin ang cancer bago magkaroon ang isang indibidwal ng anumang mga sintomas

Ang mga bagay na ito ay maaaring magdulot ng mga pagbabago sa mga gene na maaaring mauwi sa cancer. Ngunit sa maraming pagkakataon, walang kilalang sanhi para sa cancer.

Hindi mo mababago ang mga gene na nakukuha mo mula sa iyong mga magulang, ngunit maaari mong mapababa ang iyong panganib ng cancer sa pamamagitan ng:

- Pag-iwas sa paninigarilyo at usok mula sa ibang naninigarilyo (secondhand smoke)
- Pagkain ng masusustansyang pagkain
- Pagiging aktibo
- Pananatiling nasa malusog na timbang
- Paglilimit sa kung gaano karaming alkohol ang iniinom mo
- Pagprotekta sa iyong balat mula sa araw

Paano natatagpuan ang cancer?

Natatagpuan ang ilang cancer kapag ang isang tao ay may mga sintomas na hindi mawala-wala. Ang ibang cancer ay natatagpuan kapag anag isang tao ay regular na kumukuha ng screening na pagsusuri. Ang mga screening na pagsusuri ay nakakatulong sa paghahanap ng mga partikular na cancer bago magkaroon ng mga sintomas ang isang tao, o kapag ang cancer ay mas maliit pa at mas madaling gamutin.

Ano ang ibig sabihin ng stage ng cancer?

Sa oras na matagpuan ang cancer, gugustuhin ng cancer care team na malaman ang stage ng cancer at anumang iba pang mga salik na maaaring magamit upang mapagpasyahan ang pinakamahusay na paggamot.

Upang mahanap ang stage ng cancer, isinasagawa ang mga pagsusuri upang malaman kung gaano kalaki ang cancer at kung kumalat ito sa iba pang mga bahagi ng katawan. Ang mas mababang stage (tulad ng stage 1 o 2) ay nangangahulugan na ang cancer ay hindi gaanong kumalat. Ang mas mataas na stage (tulad ng stage 3 o 4) ay nangangahulugan na ang cancer ay mas higit pang kumalat.



Upang matuto pa, bisitahin ang website ng American Cancer Society sa [cancer.org](https://www.cancer.org) o tumawag sa amin sa **1-800-227-2345**. Narito kami kapag kailangan mo kami.



[cancer.org](https://www.cancer.org) | 1.800.227.2345

Paano ginagamot ang cancer?

Ang paggamot sa cancer ay depende sa uri at stage ng iyong cancer. Magdedepende rin ito sa mga pagsusuring maaaring gawin sa iyong mga cancer na selula upang makita kung mayroong anumang mga pagbabago ang mga ito na maaaring makaapekto sa paggamot (mga biomarker).

Ang cancer ay ginagamot sa pamamagitan ng surgery, radiation, at mga gamot. Mahigit sa isang uri ng paggamot ay madalas na ginagamit kung gumagana ang mga ito nang mas mabuti nang magkasama.

Ginagamit ang **surgery** upang alisin ang bahagi o buong cancer. Maaaring ito lamang ang paggamot na kailangan kung nasa isang lugar lamang ang cancer. O maaaring gamitin ang surgery kasama ang iba pang mga paggamot.

Ang **radiation** ay maaaring patayin o pabagalin ang paglaki ng mga cancer na selula sa isang bahagi ng katawan. Karamihan sa mga paggamot na radiation ay tulad ng pagkuha ng x-ray. Ngunit paminsan-minsan, inilalagay ang radiation sa loob ng iyong katawan na malapit sa tumor.

Ginagamit ang mga **gamot** para patayin ang mga cancer na selula upang pabagalin ang paglaki ng mga ito. Maaaring gamutin ng mga ito ang cancer sa anumang bahagi ng katawan. Ang mga gamot na ito ay tinatawag na chemotherapy, targeted drug therapy, immunotherapy, at hormone therapy.

Ang ilan sa mga gamot na ito ay ibinibigay sa ugat sa pamamagitan ng karayom (IV). Ang iba ay ibinibigay bilang pill. At ang ilan ay ibinibigay sa ibang mga paraan tulad ng inilalagay sa pantog. Ang bawat gamot ay gumagana sa ibang paraan, kaya paminsan-minsan, dalawa o higit pa ang ginagamit nang magkasama.

Ikaw o ang iyong cancer care team ang magpapasya nang magkasama kung aling paggamot ang pinakamahusay. Patuloy kang susuportahan ng team sa iyong paggamot. Sasagutin nila ang mga katanungan, tutulong na mapamahalaan ang mga side effect, at susubaybayan kung paano gumagana ang iyong paggamot.